Pangalan: ___________________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Pang-abay

I. **Panuto:** Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Tukuyin ang pang-abay sa pangungusap. Madaling-araw pumalaot ang mga mangingisda.

   a. Pumalaot   b. Mangingisda   c. Madaling-araw

2. Tukuyin ang pang-abay sa pangungusap. Dinayo ng mga tao ang Manila Bay upang makita ang puting buhangin.

   a. Puting   b. Dinayo   c. Manila Bay

3. Isinauli ng tricycle driver *kahapon* sa opisina ng barangay ang naiwang gamit ng kaniyang pasahero. Ang salitang nakapahilis ay isang halimbawa ng _____?

   a. Pang-abay na panlunan   b. Pang-abay na pamaraan   c. Pang-abay na pamanahon

4. Ipinapasyal ako ng aking ama *tuwing* Sabado kina Lolo at Lola. Ang salitang nakapahilis ay isang halimbawa ng _____?

   a. Pang-abay na panlunan   b. Pang-abay na pamaraan   c. Pang-abay na pamanahon

5. Kinahiligan ng aking lola ang magtahi ng damit sa *beranda* ng aming bahay. Ang salitang nakapahilis ay halimbawa ng__

   a. Pang-abay na pamaraan   b. Pang-abay na panlunan   c. Pang-abay na pamanahon

6. *Magalang* na kinausap ni Armie ang kaniyang guro. Ang salitang nakapahilis ay halimbawa ng ________.

   a. Pang-abay na pamaraan   b. Pang-abay na panlunan   c. Pang-abay na pamanahon

7. Gumigising nang *maaga* si John Paul para tulungan ang kaniyang ina sa pagtitinda. Ang salitang nakapahilis ay halimbawa ng ________.

   a. Pang-abay na pamaraan   b. Pang-abay na panlunan   c. Pang-abay na pamanahon

8. Ang sumusunod na salita ay mga halimbawa ng pang-abay **maliban** sa isa.

   a. Sampung mag-aaral   b. Mabagal kumain   c. Pumapasok sa paaralan

9. Tukuyin ang pang-abay na ginamit sa pangungusap. Naglilinis ang mga mag-aaral sa dalampasigan ng kanilang barangay.

   a. Mag-aaral   b. Naglilinis   c. Sa dalampasigan

10. Kinahiligan ng aking kapatid na tumambay sa parke.Ang salitang nakapahilis ay halimbawa ng ________.

    a. Pang-abay na pamaraan   b. Pang-abay na panlunan   c. Pang-abay na pamanahon

**II. Panuto:** Salungguhitan ang pang-abay at tukuyin ang uri nito na ginamit sa bawat pangungusap. Isulat sa patlang ang **PM** kung pamaraan, **PH** kung pamanahon, o **PL** kung panlunan.

______1. Nagmamadaling bumalik si Kleigh sa kanilang bahay.

______2. Ipinapasyal ako ng aking ama tuwing Sabado kina Lola at Lolo.

______3. Buong puso niyang ginagawa ang pagsisilbi sa bayan.

______4. Isinauli ng tricycle driver kahapon ang naiwang gamit ng kaniyang pasahero.

______5. Nagtanim ng mga puno ang mga mag-aaral sa bakanteng lote.